AHA! LEARNING CENTER'S
ESKWELANG PAMILYA
/ahalearning /ahalearns

**GAMES**
**Activity 69**

| **Pambungad** |
| --- |
| *Kumusta, kaibigan? Hahasain natin ang ating problem-solving, pisikal na skills, at imahenasyon sa pamamagitan ng pagsagot sa mga tanong ng ating game master ngayong araw. May level 1, level 2, at level 3! Handa ka na bang tanggapin ang pagsubok niya ngayon? Naniniwala kami sa 'yo, kayang-kaya mo 'to!* |

| **Games - Activity 69** |
| --- |
| Text Based Game |
| Content Creator: Robyn Nicole B. Jereza |

**TEXT BASED GAME**
**GAMES FOR GR. 1 - HS - ACTIVITY 69**

**I. Pambungad** 🎯
Larong Lohika! ♝ Ang GAMES po natin para sa araw na ito ay tinatawag na TEXT-BASED GAME. Babasahin niyo po ang susunod na teksto, at base sa pipiliin niyo na gagawin, hanapin niyo po ang LETRA ng susunod na TALATA na kailangan niyong basahin.

Nakakalito po ba? Makukuha niyo po'yan pag nag-umpisa na po tayo!

LET'S GO!

**II. Activity** 🎯
**MISSION:** Ibalik ang nahanap na tuta 🐶

**Umpisa.....**
May nakapasok na tuta sa iyong bahay
Pumunta sa Letter A kung: Lalapitan mo ang tuta
Pumunta sa Letter B kung: Papanoorin mo muna ang tuta

👣 **LETTER A:**
Nilapitan mo ang tuta. May collar siya, pero walang pangalan. Ang liit-liit niya!
Pumunta sa LETTER C kung: Bubuhatin mo ang tuta at ipapasok mo sa bahay
Pumunta sa LETTER D kung: Bubuhatin mo ang tuta at lalabas ng bahay

👣 **LETTER B:**
Inaamoy-amoy niya ang mga bagay sa bahay niyo. Lumapit na siya sa inyong pintuan.
Pumunta sa LETTER A

👣 **LETTER C:**
Pumasok ka sa bahay, at pinakita mo ang tuta sa inyong pamilya. Tinanong mo kung kilala nila ang may-ari nito. "Ah!" sabi ng Nanay mo, "Parang may nakita akong poster ng asong yan sa labas!
Pumunta sa LETTER E.

👣 **LETTER D:**
Lumabas ka bitbit ang tuta.
Kung magtatanong ka sa kapitbahay kung kilala nila ang may-ari ng tuta, pumunta sa LETTER F.
Kung papasok ka ulit sa bahay, pumunta sa LETTER C.

👣 **LETTER E:**
lumabas kayo at pumunta nakita niyo ang isang poste na may poster ng tuta na hawak-hawak mo! Ang nakasulat:
**NAWAWALANG ASO!**
**Tulungan niyo po kaming hanapin si Snow!**
**Text po kayo sa 091-111-1111**
**Cash Reward: P2,500**
Pumunta sa LETTER F kung: Uuwi mo yung aso
Pumunta sa LETTER G kung: Tatawagin mo ang number

👣 **LETTER F:**
Nakita ka ng kapitbahay mo. "Naku!" Sabi ng kapitbahay mo! Iyan si Snow! Ang bagong tuta ng konsehal! Balik niyo na lang sa kanya. Alang-alang na ang anak ng konsehal!
Pumunta sa LETTER H kung: pupuntahan mo ang konsehal
Pumunta sa LETTER E kung: Maghahanap ka ng pruweba
Pumunta sa LETTER C kung uuwi ka

👣 **LETTER G:**
Tinawagan mo ang number. "Hello?"
"Opo? Nahanap ko po si Snow!"
"Talaga! Sino to?" Sinabi mo ang pangalan mo.
"Galing! Salamat ng marami! Tuta 'yan ng anak ko. Ako si Konsehal Romar. Punta ka sa may amin, alam mo naman kung saan yun diba?"
Pumunta sa LETTER H kung: pupunta ka sa konsehal

Pumunta sa LETTER F kung: uuwi mo ang tuta

👣 **LETTER H:**
"Snow!" sigaw ng isang maliit na batang babae pagkita ng pagkita sayo.
"Salamat po at nahanap niyo si Snow!" kinuha ng batang babae ang tuta.
"Ito," sabi ng konsehal, "pasensya na sa abala."
Inabutan ka ng P2,500
Pumunta sa LETTER I kung: tatanggapin mo
Pumunta sa LETTER L kung: aayawan mo
Pumunta sa LETTER F kung: tatakbo ka kasama ang tuta

👣 **LETTER I:**
Nabalik mo ang tuta at nakakuha ka pa ng P2,500!
Pumunta sa LETTER K.

👣 **LETTER K:**
Congrats! Mission accomplished! Nabalik mo ang tuta!

👣 **LETTER L:**
"A, ayaw mo?"
"Opo, hindi ko naman po pinili na pumasok si Snow sa bahay namin. Nangyari lang po siya."
"Ang bait mo namang bata. Ito." inabutan ka ng P5,000!
Pumunta sa LETTER K kung tatanggapin mo.
Pumunta sa LETTER M kung aayawan mo.

👣 **LETTER M:**
"Wow! Ang bait mo namang bata. Sige. Ingat ka na lang pauwi, ha?"
Pumunta sa LETTER K.

**III. Pagninilay at pagbabahagi** 🤔🔎
1. Ano ang naging lakbay mo sa pagbalik mo ng tuta? Maibabahagi mo ba ang iyong mga napili sa klase?
2. Ano ang aral na napulot mo sa larong ito?

Good job po sa lahat! 👏🏽👏🏽👏🏽 Sana naenjoy niyo po ang ating TEXT GAME ♟

This content is lovingly prepared by AHA! Learning Center.